ARALIN 36

1. Habang si Moises ay nasa Bundok Sinai na nakikipag-usap sa Diyos, ano ang ginagawa ng mga Israelita sa ibaba ng bundok?
-Gumawa ang mga Israelita ng isang guya mula sa ginto, at sinamba nila ito.

2. Alam ba ng Diyos na ang mga Israelita ay sumasamba sa isang gintong guya?
-Oo.

3. Nagalit ba ang Diyos sa mga Israelita?
-Oo.
-Nagalit ang Diyos sa mga Israelita kaya nais Niyang lipulin sila.

4. Bakit hindi nilipol ng Diyos ang lahat ng mga Israelita?
-Dahil nanalangin si Moises sa Diyos na huwag silang lipulin.

5. Ano ang ginawa ni Moises nang marating niya ang ibaba ng Bundok Sinai?
-Nagalit si Moises sa mga Israelita kaya ibinagsak niya ang dalawang tapyas na bato ng mga utos ng Diyos at sinira ang mga ito.

6. Dahil binasag ni Moises ang dalawang tapyas na bato kung saan nakasulat ang sampung utos ng Diyos, ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gagawin?
-Sinabi ng Diyos kay Moises na mag-ukit ng dalawang bagong tapyas, at dalhin ito sa bundok kung saan isinulat muli ng Diyos ang Kanyang sampung utos.



7. Kung ang mga Israelita ay hindi nagtayo ng tolda nang eksakto tulad ng sinabi ng Diyos sa kanila, ang kaluwalhatian ba ng Diyos ay makapapasok sa tolda?
-Hindi.

8. Ang mga Israelita ba ay lumalapit sa Diyos sa kanilang sariling kaparaanan?
-Hindi.

9. Ano ang tanging kaparaanan upang ang mga Israelita ay makalapit sa Diyos?
-Ang kaparaanan ng Diyos.

10. Paano natin malalaman ang pamamaraan ng Diyos?
-Sa pamamagitan ng Aklat ng Diyos, ang Bibliya.

-Pinili ng Diyos si Moises upang pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto at palayain sa pagkaalipin.

-Si Moises ay sugo rin ng Diyos.

-Kapag gustong makipag-usap ng Diyos sa mga Israelita, nakikipag-usap Siya kay Moises upang iparating ang mensahe sa mga Israelita.

-Pinatnubayan ng Diyos si Moises upang sabihin sa mga Israelita kung ano ang nais Niyang sabihin sakanila.

-Pinatnubayan din ng Diyos si Moises na isulat ang mga gustong ipasulat ng Diyos sakanya.

-Si Moises ang sumulat ng unang limang aklat sa Aklat ng Diyos, ang Bibliya.
-Paano nalaman ni Moises kung ano ang isusulat?

-Pinatnubayan ng Diyos si Moises na isulat ang nais ng Diyos na isulat Niya.

-Ang mga Israelita ay umalis sa Ehipto, at naglakbay sa daan ng disyerto.

-Habang naglalakbay ang mga Israelita sa disyerto, paano nila nalaman ang daan?

-Pinatnubayan sila ng Diyos.

Basahin natin ang Exodo 40:36-38

36-Kapag ang ulap ay napapaitaas mula sa tabernakulo ay nagpapatuloy ang mga anak ni Israel sa kanilang paglalakbay.
37-Subalit kapag ang ulap ay hindi napapaitaas ay hindi sila naglalakbay hanggang sa araw na iyon ay pumaitaas.
38-Sapagkat sa kanilang buong paglalakbay ang ulap ng Panginoon ay nasa ibabaw ng tabernakulo sa araw, at may apoy sa loob niyon sa gabi, sa paningin ng buong sambahayan ng Israel.

-Kapag gusto ng Diyos na huminto ang mga Israelita, pahahintuin din ng Diyos ang ulap.

-Kapag gusto ng Diyos na maglakbay muli ang mga Israelita, pagagalawin din ng Diyos ang ulap.



-Matapos ibigay ng Diyos sa mga Israelita ang Kanyang sampung utos, at matapos gawin ng mga Israelita ang tolda para sa Diyos, itinaas ng Diyos ang ulap.

-Saan itinutungo ng Diyos ang mga Israelita?

-Inakay ng Diyos ang mga Israelita patungo sa Canaan, ang lupaing ipinangako Niya sa kanilang ninunong si Abraham.

-Sinundan ng mga Israelita ang ulap, at pinatnubayan sila ng Diyos sa hangganan ng Canaan.

-Nang dumating ang mga Israelita sa hangganan ng Canaan, ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gawin?

Basahin natin ang Mga Bilang 13:1-2

1-At nagsalita ang Panginoon kay Moises, na sinasabi,
2-"Magsugo ka ng mga lalaki upang lihim na siyasatin ang lupain ng Canaan, na aking ibibigay sa mga anak ni Israel. Isang lalaki sa bawat isa sa mga lipi ng kanilang mga ninuno ay susuguin ninyo, na bawat isa'y pinuno sa kanila."

-Sinabi ng Diyos kay Moises na pumili ng isang tao mula sa bawat isa sa labindalawang tribo upang pumunta at galugarin ang lupain.

-Sinunod ni Moises ang Diyos, at ipinadala ang labindalawang kalalakihan upang galugarin ang lupain ng Canaan.

Basahin natin ang Mga Bilang 13:3

3-Kaya't sinugo sila ni Moises mula sa ilang ng Paran ayon sa utos ng Panginoon. Silang lahat ay mga lalaking pinuno sa mga anak ni Israel.

-Bago ipadala ni Moises ang labindalawang kalalakihan upang galugarin ang lupain ng Canaan, ano ang sinabi niya sa kanila?

Basahin natin ang Mga Bilang 13:17-21

17- Isinugo sila ni Moises upang lihim na siyasatin ang lupain ng Canaan at sinabi sa kanila, "Umakyat kayo sa Negeb at umakyat kayo sa mga kaburulan.
18-Tingnan ninyo kung ano ang lupain, at ang mga taong naninirahan doon, kung sila'y malakas o mahina, kung sila'y kaunti o marami;
19-At kung ano ang lupain na kanilang tinatahanan, kung mabuti o masama; At kung ano ang mga lunsod na kanilang tinatahanan, kung sa mga kampo o sa mga may pader,
20-At kung ang lupain ay mataba o payat, kung mayroong kahoy o wala. Magpakatapang kayo at magdala kayo rito ng mga bunga ng lupain." Ang panahong iyon ay panahon ng mga unang hinog na ubas.
21-Kaya't sila'y umakyat, at kanilang lihim na siniyasat ang lupain mula sa ilang ng Zin hanggang sa Rehob, sa pagpasok sa Hamat.

-Matapos ang apatnapung araw, ang labindalawang kalalakihan ay bumalik mula sa paggalugad sa lupain ng Canaan.

-Ito ang sinabi ng labindalawang tribo kay Moises at sa mga Israelita tungkol sa lupain ng Canaan.



Basahin natin ang Mga Bilang 13:27-29

27- Kanilang sinabi sa kanya, "Kami ay dumating sa lupaing iyon na kung saan ay sinugo mo kami, at tunay na iyon ay dinadaluyan ng gatas at pulot; At ito ang bunga niyon.
28-Gayunman, ang mga tao na tumitira sa lupaing iyon ay malalakas, at ang mga bayan ay may pader at napakalalaki; At saka aming nakita roon ang mga anak ni Anak.
29-Ang Amalekita ay naninirahan sa lupain ng Negeb, ang mga Heteo, ang mga Jebuseo, at ang mga Amoreo ay naninirahan sa mga bundok. Ang mga Cananeo ay naninirahan sa tabi ng dagat, at sa mga pampang ng Jordan."

-Ang lupain ng Canaan ay isang lupain ng gatas at pulot.

-Ito rin ay isang lupain na puno ng malalaki at makapangyarihang mga tao.

-Ang mga lungsod ng Canaan ay matibay din, at matataas na pader ang nakapalibot sa mga lungsod.

-Sa labindalawang tribo na pumunta upang tuklasin ang lupain ng Canaan, sampu sa mga tribo ay hindi naniwala sa Diyos.

-Ano ang sinabi ng sampung kalalakihan hindi naniwala sa Diyos sa mga Israelita?

Basahin natin ang Mga Bilang 13:31-33

31-Ngunit sinabi ng mga lalaking umakyat na kasama niya, "Hindi tayo makakaakyat laban sa mga taong iyon, sapagkat sila'y malalakas kaysa atin.

32-Kaya't sila'y nagdala ng masamang balita tungkol sa lupaing kanilang siniyasat, sa mga anak ni Israel, na sinasabi, "Ang lupain na aming pinaroonan upang lihim na siyasatin ay isang lupain na nilalamon ang mga naninirahan doon; At lahat ng tao na aming nakita roon ay malalaking tao.

33-At nakita namin doon ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anak, na mula sa mga Nefilim; At kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga tipaklong, at gayundin kami sa kanilang paningin."

-Bakit ang sampung lalaki na hindi naniniwala sa Diyos ay ayaw pumasok sa Canaan?

-Ang sampung lalaki ay natakot sa mga higante at malalakas na tao na naninirahan sa Canaan.

-Ang sampung lalaki ay hindi naniniwala na ang Diyos ay sapat na makapangyarihan upang talunin ang mga tao ng Canaan.

-Ang sampung lalaki ay hindi naniwala sa pangako ng Diyos na ibibigay sa mga Israelita ang lupain ng Canaan.

-Sinabi ng sampung tribo sa mga Israelita na hindi sila dapat pumasok Canaan.

-Sa labindalawang tribo, may dalawang lalaking naniwala Diyos.

-Ang kanilang mga pangalan ay Caleb at Joshua.

-Ano ang sinabi nina Caleb at Joshue sa mga Israelita?

Basahin natin ang Mga Bilang 13:30



30-Ngunit pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni Moises, at sinabi, "Ating akyatin agad at sakupin sapagkat kayang kaya nating lupigin iyon."

-Bakit gustong pumasok nina Caleb at Josue sa Canaan?

-Sina Caleb at Josue ay hindi natakot sa mga higante at makapangyarihang mga tao na naninirahan sa Canaan.

-Sina Caleb at Josue ay naniwala na ang Diyos ay sapat na makapangyarihan upang talunin ang mga tao ng Canaan.

-Sina Caleb at Joshue ay naniwala na ibibigay ng Diyos sa mga Israelita ang lupain ng Canaan.

-Sinabi nina Caleb at Josue sa mga Israelita na dapat silang sumunod sa Diyos at pumasok sa Canaan.

-Nakinig ba ang mga Israelita sa sampung tribo na hindi naniniwala sa Diyos, o nakinig ba sila kina Caleb at Josue na naniniwala sa Diyos?

Basahin natin ang Mga Bilang 14:1-4

1-Kaya't ang buong kapulungan ay sumigaw nang malakas; At ang taong-bayan ay umiyak nang gabing iyon.

2-At nagreklamo ang lahat ng mga anak ni Israel laban kina Moises at Aaron. Sinabi sa kanila ng buong sambayanan, "Namatay na sana tayo sa lupain ng Ehipto! O kaya'y namatay na sana tayo sa ilang na ito!

3-Bakit kaya tayo dinala ng Panginoon sa lupaing ito, upang tayo'y bumagsak sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging biktima. Hindi ba mas mabuti para sa atin na tayo'y magbalik sa Ehipto?"

4-Kaya't sinabi nila sa isa't isa, "Maglagay tayo ng isang pinuno at tayo'y magbalik sa Ehipto."

-Nakinig ang mga Israelita sa sampung kalalakihan na hindi naniniwala sa Diyos, at ayaw nilang pumasok sa lugar ng Canaan.

-Nagsalita muli sina Caleb at Josue sa mga Israelita.

Basahin natin ang Mga Bilang 14:6-9

6-Si Josue na anak ni Nun, at si Caleb na anak ni Jefone, na mga kasama ng mga nagsiyasat nang lihim sa lupain, ay pinunit ang kanilang mga damit.

7-At sinabi nila sa buong kapulungan ng mga anak ni Israel, "Ang lupain na aming pinuntahan upang lihim na siyasatin ay isang napakagandang lupain.

8-Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing iyon, at ibibigay niya sa atin; Isang lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot.

9-Huwag lamang kayong maghimagsik laban sa Panginoon ni matakot sa mga tao ng lupaing iyon, sapagkat sila'y para lamang tinapay sa atin; Ang kanyang kalinga ay inalis sa kanila, at ang Panginoon ay kasama natin; Huwag kayong matakot sa kanila."

-Nakiusap sina Caleb at Josue sa mga Israelita na huwag sumuway sa Diyos.



-Sinabi nina Caleb at Josue sa mga Israelita na ang Diyos ay lubos na makapangyarihan na kayang talunin ang mga tao ng Canaan.

-Pumayag ba ang mga Israelita na pumasok sa lupain ng Canaan?

Basahin natin ang Mga Bilang 14:10a

10-Subalit pinagbantaan sila ng buong sambayanan na babatuhin sila ng mga bato.

-Ayaw pa ring pumasok ng mga Israelita sa Canaan.
-Away pa ring sumunod ng mga Israelita sa Diyos.

-Nais ng mga Israelita na batuhin sina Caleb, Josue, at Moises.

-Narinig ba ng Diyos ang mga sinasabi ng mga Israelita?
-Oo.

-Alam ba ng Diyos na ayaw pumasok ng mga Israelita sa Canaan?
-Oo.

-Alam ba ng Diyos na hindi naniniwala ang mga Israelita na Siya nga ay lubos na makapangyarihan upang talunin ang mga tao ng Canaan?
-Oo.

-Alam ba ng Diyos na hindi naniwala ang mga Israelita sa Kanyang pangako upang ibigay sa kanila ang Canaan?
-Oo.

-Hindi naniwala ang mga Israelita na tutuparin ng Diyos ang Kaniyang pangakong ibibigay sa kanila ang Canaan.

-Kung hindi tayo naniniwala sa mensahe ng Diyos, ano ang tawag natin sa Diyos?
-Isang sinungaling.

-Ang mga Israelita ay hindi naniwala sa mensahe ng Diyos.

-Tinatawag ng mga Israelita ang Diyos na sinungaling.
-Narito ang sinabi ng Diyos:

Basahin natin ang Mga Bilang 14:26-32

26-At nagsalita ang Panginoon kina Moises at Aaron, na sinasabi,

27-"Hanggang kailan magrereklamo laban sa akin ang masamang kapulungang ito? Aking narinig ang mga reklamo ng mga anak ni Israel na kanilang sinasabi laban sa akin.

28-Sabihin mo sa kanila, 'Ako'y buháy, sabi ng Panginoon, kung ano ang sinabi ninyo sa aking pandinig ay gayon ang gagawin ko sa inyo.

29-Ang inyong mga bangkay ay mabubuwal sa ilang na ito; At ang lahat na nabilang sa inyo ayon sa inyong kabuuang bilang, mula sa dalawampung taong gulang pataas na nagreklamo laban sa akin,

30-Ay hindi papasok sa lupaing aking ipinangako na patitirahan ko sa inyo, maliban kay Caleb na anak ni Jefone at kay Josue na anak ni Nun.

31-Ngunit ang inyong mga bata, na inyong sinabing magiging mga biktima ay aking papapasukin, at kanilang makikilala ang lupain na inyong itinakuwil.

32-Ngunit tungkol sa inyo, ang inyong mga bangkay ay mabubuwal sa ilang na ito.



-Dahil ang mga Israelita ay tumangging maniwala sa Diyos, sino lamang ang papasok sa Canaan?

-Tanging sina Caleb, Josue, at ang mga anak ng mga Israelita.

-Dahil tumanggi ang mga Israelita na maniwala sa Diyos, paano sila pinarusahan ng Diyos?

-Hindi sila papasok sa Canaan.
-Mamamatay silang lahat sa disyerto.

-Palagiang parurusahan ng Diyos ng kamatayan ang mga tumatanggi na maniwala sa Kanya.

-Tumanggi ang mga tao noong panahon ni Noe na maniwala sa Diyos, at pinarusahan sila ng Diyos ng kamatayan.

-Tumanggi na maniwala ang mga tao ng Sodoma at Gomorra sa Diyos, at pinarusahan sila ng Diyos ng kamatayan.

-Tumanggi si Paraon at ang mga Ehipsiyo na maniwala sa Diyos, at pinarusahan sila ng Diyos ng kamatayan.

-Parurusahan ng Diyos ng kamatayan sa Lawa ng Walang Kamatayang Apoy ang mga tumatangging maniwala sa Kanya.